# FEMA Sasakyang Sentro ng Pagbawi sa Sakuna Bibisita sa Bronx

**Release Date: Oct 27, 2021**

Isang FEMA Mobile Disaster Recovery Center (Sasakyang Sentro ng Pagbawi sa Sakuna) ay bibisita sa Bronx Okt. 29–Nob. 1 upang tulungan ang mga nakaligtas sa Bagyong Ida na makapag-apply para sa FEMA tulong sa sakuna at makakuha ng sagot sa kanilang tanong.

Ang mga nakaligtas ay makakabisita sa mobile unit para makipag-ugnayan sa mga kawani ng FEMA at  ahente ng ibang pampederal at pang-estadong ahensiya. Makakakuha din sila ng tulong sa pag-u-upload ng mga dokumento. Nakahanda din ang mga kawani ng U.S. Small Business Administration (Administrasyon ng Maliliit na Negosyo sa Estados Unidos) ipaliwanag kung paano makapag-apply para sa mababang-interes na disaster loan (pautang sa sakuna) para sa mga may-ari ng bahay, umuupa, negosyo, at private nonprofits (pribadong organisasyong hindi kumikita).

Ang mobile unit ay bibisita sa:

Bronx County **-- 9 n.u. hanggang 5 n.h.**

**Aileen B. Recreational Complex** at Pelham Bay Park

Middletown Road and Stadium Avenue

Bronx, NY 10465

**Biyernes, Okt. 29, Sabado, Okt. 30 at Lunes, Nob. 1**

Ang mga nakaligtas ay hindi kinakailangang bumisita sa isang sentro ng pagbawi para makakuha ng tulong. Makaka-apply kayo online sa DisasterAssistance.gov, gamitin ang FEMA mobile app o tumawag sa **FEMA Helpline** (linya ng tulong) sa **800-621-3362.** Kung kayo ay gumagamit ng video relay service (VRS o serbisyong relay sa bidyo), captioned telephone service (serbisyong caption sa

telepono) atbp, ibigay ang numero ng serbisyong iyon sa FEMA. Mayroong helpline operator (tagapaglingkod sa linya ng tulong) mula 8 n.u. hanggang 7 n.g. araw-araw. Pindutin ang 2 para sa Kastila. Pindutin ang 3 para sa interpreter (tagapagsalin sa ibang wika) na nagsasalita ng inyong wika.

Ang huling araw para makapag-apply para sa FEMA tulong sa sakuna ay **Lunes, Dis. 6**.

Para sa opisyal na impormasyon tungkol sa pagsisikap sa pagbawi ng New York, bumisita sa fema.gov/disaster/4615. Sundan ang FEMA sa Twitter sa twitter.com/femaregion2 at sa Facebook sa facebook.com/fema.